III-8 Kapag may Problema sa Buhay

Para sa mga nahihirapan sa pamumuhay, mayroong sumusunod na mga sistema. Maaaring sumangguni sa mga namamahala ng Welfare Section ng munisipyo. (Pahina IX-1　64 ng Apendise)

(1) Welfare Comissioner (Minsei-Iin), Children's Welfare Comissioner (Jidou-Iin)

Ang mga miyembro ng komite na ito ay nagbibigay ng konsultasyon sa mga taong nahihirapang maghanap ng trabaho, mga matatandang hindi kayang mamuhay mag-isa, mga matatandang may sakit at bed-ridden, mga solong magulang na bumubuhay ng pamilya at ang may kapansanan (handicap). Sila rin ay nakikipagtulungan sa mga Welfare Offices at iba't-ibang organisasyon ng gobyerno. Bukod dito ay nagsasagawa rin sila ng counseling at payo patungkol a mga bata.

(2) Welfare Benefits (Seikatsu-Hogo)

Kapag nakakaranas pa rin ng kahirapan sa buhay kahit na may sapat na ari-arian, abilidad o kakayahan at tulong sa mga kaanak, makipag-ugnayan lamang sa Protection Division (hogo-ka) ng inyong munisipyo. Layunin ng dibisyon na ito na magbigay ng tulong o proteksiyon ayon sa antas ng kahirapan.

(3) Pagpapautang ng panggastos sa pang-araw-araw na pamumuhay

Para sa mga mahihirap na pamilya at iba pa, may pondo para sa kapakanan ng kabuhayan (*Seikatsu Fukushi Shikin*) at pondo para sa matinding pangangailangan (*Kinkyuu Enjo Shikin*).